

Kasalanan ba namin na homosekswal ang aming anak?

Kasalanan ba namin na homosekswal ang aming anak?

Hindi kasalanan ninuman ang sekswal na oryentasyon ng isang tao. Gayumpaman, madalas na nararamdaman ng mga magulang na sila ang dahilian ng pagiging homosekswal ng kanilang anak. Sinisipi nila ang kanilang mga sarili. Marahil iniisip nila na sa pananaw ng iba, hindi nila nagmampanang mabuti ang pagpapalaki ng kanilang mga anak. Naniniwala naman ang mga solong magulang na ang pagpapalaking mag-isa ang dahilan ng pagiging homosekswal ng kanilang mga anak.

Subalit, hindi naiimpluwensiyahan ng kilos ng mga magulang ang sekswal na oryentasyon ng kanilang mga anak. Likas na nabubuo ang atraksyon ng isa sa kaniyang kapwa at hindi ito nagbabago sa anumang uri ng pamilya. Ang pag-aalala at pagsisipi ng mga magulang ay bunga lamang ng kanilang pag-ibig sa kanilang mga anak. Malaki ang maitutulong ng masinsinang pag-uusap ng mga magulang at anak upang maiintindihan ang pananaw at kalagayan ng bawat panig.

Nalaman ko na homosekswal ang aking anak? Ano ang aking dapat gawin?

Hindi handa ang karamihang mga magulang sa pagtatapat ng homosekswalidad ng kanilang mga anak. Madalas na iba-iba ang emosyong nararamdaman. Kasama rito ang pag-aalala, galit, at pagsisi sa sarili. Subalit mahalagang tandaan na maging mapamaraan sa pagpapahayag ng emosyon at saloobin. Malaki ang maitutulong nito upang maunawaan ang sitwasyon. Ilang halimbawa ang pakikipag-usap sa ibang mga magulang na may homosekswal na anak, *social worker*, o sikologo.

Ano ang nararapat kong sabihin sa aking pamilya at mga kamag-anak?

Dapat laging tiyakin ng mga magulang na maayos ang kanilang kalagayan bago subukang ayusin ang mga isyung hinaharap. Dahil magkaiba ang bawat pamilya, isang mungkahi ang pakikipag-usap sa mga anak ukol sa bigat na nararamdaman.

Mahalaga ang pagkakaroon ng malayang komunikasyon sa pagitan ng mga magulang at mga anak upang mabawasan ang bigat na nararamdaman. Sa ganitong paraan, napananatili nito ang dinamiko ng pamilya. Ukol sa mga pagtatanong ng mga kamag-anak, maaring hilingin na igalang na lamang ng lahat ang sitwasyon.

Hindi naipapatuloy ng isang homosekswal ang kaniyang angkan. Hindi ba lubhang makasarili ito?

Para sa maraming kultura, mahalaga ang pagpapatuloy ng isang angkan. Gayumpaman, ang piliting ipakasal ang isang homosekswal na anak sa hindi nito kasekso ay pagtanggap sa kaniyang kasiyahan. Masasaktan din nito ang kaniyang mapapangasawa. Hindi magiging mabuti ang paglaki ng kanilang magiging anak kung hindi sapat ang emosyonal na koneksyon ng mag-asawa. Kaya tunay ba talagang mahusay ang pasyang ito? Walang sinumang nagnanais ng panghabang-buhay na kahirapan matustusan lamang ang kahilingan ng tradisyon.

Maari bang maging mabuting magulang ang mga homosekswal?

Oo. Kailangan nating maintindihan na hindi ang sekswal na oryentasyon ng mga magulang ang magiging sekswal na oryentasyon ng mga anak. Ipinapakita ng maraming pag-aaral na, tulad ng mga batang lumaki sa *heterosexual* na mga magulang, lumalaking maayos ang mga batang pinalalaki ng mga homosekswal na magulang.

Kapag matatanda na ang mga homoseksual – sino ba ang mag-aalaga sa kanila?

Ang pagpapalaki ng anak upang mag-alaga sa iyong pagtanda ay hindi na mabisang paraan sa paghahanda ng iyong pagtanda. Ano man ang sekswal na oryentasyon ng isa, kailangan niyang maghanda sa kaniyang sariling pagriritero.



API EQUALITY-LA
Asians and Pacific Islanders for LGBT Equality
www.qaspace.org
www.apiequalityla.org